BreastScreen Victoria

Mag-book sa **breastscreen.org.au**
o tumawag sa **13 20 50**

Para sa karagdagang impormasyon:
breastscreen.org.au

Tumawag sa **13 14 50** at hilingin na iugnay ka sa BreastScreen Victoria

Isinaling impormasyon:
breastscreen.org.au/translations

TTY 13 36 77 kung ikaw ay may kahirapan sa pandinig o pananalita

VICTORIA State Government

Kinikilala ng BreastScreen Victoria ang suporta ng Pamahalaang Victoria.

BR11/1019

2019

Unahin ang **iyong** kalusugan

I-book ang iyong pagsusuri sa suso

Mag-book sa **breastscreen.org.au**
o tumawag sa **13 20 50**

BreastScreen Victoria

Nanganganib ba ako?

1 sa 7 kababaihan sa Victoria ay magkakaroon ng kanser sa suso sa kanilang buhay.

Karamihan sa mga babaeng may kanser sa suso **ay walang** kasaysayan ng karamdamang ito sa kanilang pamilya.

Ang **edad** ang pinakamalaking panganib sa pagkakaroon ng kanser sa suso.



Ang pagsusuri sa suso

- ay **libre**.
- tumatagal ng mga **10 minuto**.
- Hindi kailangan ng **rekomendasyon ng isang doktor**.
- ay isinasagawa ng mga **babaeng radiographer**.
- ay makukuha **sa buong Victoria** sa isang klinika na malapit sa inyo.

Ano ang pagsusuri sa suso?

Ang pagsusuri sa suso (mammogram) ay larawan ng suso sa X-ray. Mahahanap ng mga pagsusuri sa suso ang mga kanser na masyadong maliit para makita o madama. Mas maraming kababaihan ang nagiging ligtas sa kanser sa suso sa kasalukuyan salamat sa maagang pagkatuklas at mas mahuhusay na mga paggamot.

Kailangan ko ba ng pagsusuri sa suso?

Ang maagang pagkatuklas ay nagliligtas ng buhay.

May edad na 50-74?
Dapat kang magpasuri tuwing ikalawang taon.

Nasa edad ka ba ng 40 o mahigit 75?
Kausapin ang iyong doktor upang malaman kung ang pagsusuri sa suso ay nararapat sa iyo.

Mas bata sa 40?
Ang mga pagsusuri sa suso ay hindi mabisa para sa mga kababaihang mas bata sa 40 taon.

Magkaroon ng kamalayan sa suso

- Alamin ang normal na hitsura at dama ng iyong mga suso. Makipagkita sa iyong doktor kung may napupuna kang anumang hindi pangkaraniwang mga pagbabago.
- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa iyong panganib sa kanser sa suso at ang pangangailangang magpasuri.

Mag-book sa **breastscreen.org.au** o tumawag sa **13 20 50**